1987

# ORDINANCE NO. 9

KAUTUSAN NG NAGBABAWAL SA MGA ARI AT DRIVE NG BUS, JEEP AT IBA PANG MGA VEHIKULO NA MAGKARGA NG MGA NAKAKAHON O BASKET O SAKONG MGA SARIWA AT BISLAD NA ISDA SA LAGUSAN NG TEMPLANZA AT ARTURO SALAS STREET PATUNGONG CAMPAASAN MALIBAN SA FISH PORT NA GINAWA MALAPIT SA PANTALAN NG BAYANG ITO AT NAGPAPATAW NG PARUSA AT BILANGGO NG PAGLABAG NITO

SEKSYON I. Mahigpit na pinagbabawal sa mga driver ng bus, jeep at iba pang vehikulo na magkarga ng mga naka kahon, basket o sakong mga sariwa at bislad na isda sa lagusan ng Templaza at Arturo Salas Streets maliban sa "FISH PORT" na ginawa sa tabi pantalan sa Campaasan, sakop ng bayang ito.

SEKSYON 2. Ang lahat ng lugar na pinagbabawal ng pagkarga ng mga nabanggit na karmiento sa seksyon 1. ay lalagyan ng babala na "BAWAL MAGKARGA AT MAGDISKARGA NG ISDA DITO, para sa kaalaman ng lahat;

SEKSYON 3. Ang Pamahalaang Bayan magtatalagà ng kinatawan ng Fisheries sa lugar ng Fish Port upang magsilbing taga usisa sa mga nahuhing isda kung ito ay huli sa legal o illegal na pangingisda;

SEKSYON 4. Ang Fisheroes ay magbibigay ng Clearance pagkatapos mausisa ang mga bago ito maikarga sa mga bus o jeepnay;

SEKSYON 5. Ang mga operator/drivers, condutor ng bus at jeep ay hindi pinahihintulutan na mga karga ng mga isda kung walang ipapakita ang mayari ng isda ng Clearance na nagmumula sa Fisheries;

SEKSYON 6. Ang sino mang maglabag ng kautusang ito ay magmumulta ng halagang ₱ 500.00 hanggang/P 1,000,00 at mamimilanggo ng isda o anim na buwan o a alin man sa pasiya ng Hukuman;

SEKSYON 7. Kautusan o mga kautusan ng salungat sa kautusang itoo ay pinawawala na ng bisa;

SEKSYON 8. Ang kautusang ito ay magkakaroon ng bisa sampong (10) araw matapos pinagtibay;

PINAGTIBAY NG LAHAT

Pinagtibay ko ang kawastohan ng kapangyarihan

EDUARDO A. BURUANGA
Kalihim ng Bayan



7/4/91

Scanned with CamScanner